

# Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado

Nakatuon ang Health Plan of San Mateo (HPSM) sa pangangalaga ng iyong impormasyon sa kalusugan, na anumang impormasyon tungkol sa:

- Iyong nakaraan o kasalukuyang kalusugan ng katawan o isipan.
- Anumang pagbabayad para sa mga serbisyong pangkalusugan na maaaring matukoy na iyo bilang isang indibidwal.

Kasama sa mga halimbawa ng impormasyon sa kalusugan ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, mga pag-diagnose, mga medikal na paggamot, mga medikal na claim, lahi, etnisidad, wika, pagkakakilanlan ng kasarian at sekswal na oryentasyon.

Ibinubuod ng abisong ito ang mga kasanayan sa pagkapribado ng HPSM at ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng HPSM tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan. Ipinapaliwanag nito ang:

- Kung paano pinangangalagaan ng HPSM ang iyong impormasyon sa kalusugan alinsunod sa batas ng estado at pederal.
- Paano legal na magagamit at maisisiwalat ng HPSM ang iyong impormasyon sa kalusugan. (Tinutukoy ng “gamitin” ang kung paano namin ibinabahagi ang impormasyon sa loob ng HPSM. Tinutukoy ng “isiwalat” ang pagbabahagi ng impormasyon sa labas ng HPSM.)
- Paano mo maaakses ang iyong impormasyon sa kalusugan.

Sinasaklaw *lamang* ng abisong ito ang mga kasanayan sa pagkapribado ng HPSM. Maaaring may iba't ibang patakaran ang iyong provider tungkol sa kanilang paggamit at pagsisiwalat ng iyong impormasyon sa kalusugan na ginawa sa kanilang tanggapan.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa notice na ito, ang mga miyembro ng HPSM Medi-Cal, HealthWorx (HMO) at ACE ay tumawag sa Member Services sa **1-800-750-4776**. Ang mga oras ay Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Tumawag ang mga miyembro ng CareAdvantage sa **1-866-880-0606**. Ang mga oras ay Lunes hanggang Linggo, 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Ang mga miyembrong may kapansanan sa pandinig o pagsasalita ay maaaring tumawag sa California Relay Service (CRS) sa **1-800-735-2929** o **711**.

## Mga Nilalaman

<b>Mga legal na kinakailangan ng HPSM tungkol sa impormasyon sa</b>	<b>2</b>
<b>kalusugan</b>	<b>2</b>
<b>Paano namin maaaring gamitin o isiwalat ang iy</b>	<b>2</b>
<b>ong impormasyon sa kalusugan</b>	<b>2</b>
<b>Iyong mga karapatan tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan</b>	<b>5</b>
<b>Aabisuhan ka tungkol sa mga pagbabago sa abisong ito</b>	<b>7</b>
<b>Paano magsampa ng karaingan tungkol sa iyong mga karapatan sa</b>	<b>7</b>
<b>pagkapribado</b>	<b>7</b>

# Mga legal na kinakailangan ng HPSM tungkol sa impormasyon sa kalusugan

Inuutusan kami ng batas na:

- Tiyaking ang impormasyon sa kalusugan na kumikilala sa iyo ay pinanatiling pribado.
- Ibigay sa iyo itong abiso ng mga kasanayan sa pagkapribado.
- Sundin ang mga tuntunin ng abisong ito na kasalukuyang umiiral.

## Paano namin maaaring gamitin o isiwalat ang iyong impormasyon sa kalusugan

Pinapayagan ng batas ng estado at pederal ang HPSM na gamitin at isiwalat ang impormasyon sa kalusugan ng aming mga miyembro. Nasa ibaba ang listahan ng mga uri ng impormasyon sa kalusugan at mga halimbawa ng paggamit at/o pagsisiwalat. Hindi kasama rito ang bawat posibleng pinapayagang paggamit at pagsisiwalat. Hindi nito nilalayon na limitahan ang mga paggamit at pagsisiwalat na pinapayagan ng batas. Gayunpaman, bawat paraan na magagamit nami at maisisiwalat ang iyong impormasyon sa kalusugan ay mapapailalim sa isa o iba pa ng mga uring ito.

- **Pagbabayad para sa mga serbisyong pangkalusugan.** Sinuri namin ang iyong impormasyon sa kalusugan bago aprubahan ang pagbabayad para sa paggamot na hiningi ng iyong provider para makatiyak na ito ay medikal na kinakailangan.
- **Pagpapabuti ng mga operasyon ng HPSM.** Maaari naming gamitin ang impormasyon sa kalusugan ng mga miyembro upang suriin ang pagganap ng aming mga provider at ihambing ang kalidad ng aming mga serbisyo sa serbisyo ng ibang pang planong pangkalusugan. Ginagawa namin ito nang palihim nang hindi tinutukoy ang mga indibidwal na miyembro.
- **Pamamahala ng pangangalaga** Nagagawa naming masuri ang iyong mga paggamot at gamot sa pamamagitan ng pagbabahagi ng iyong impormasyon sa kalusugan sa iyong mga provider upang matiyak na hindi nagkakasalungatan ang mga ito sa bawat isa.
- **Mga referral sa mapagkukunan.** Maaari naming tukuyin at irekomenda ang mga benepisyo, serbisyo at/o programa ng HPSM batay sa iyong impormasyon sa kalusugan.
- **Mga kontratista na tumutulong sa aming mga operasyon.** Sumasang-ayon ang mga kontratista na panatilihin kumpidensyal at ligtas ang impormasyon sa kalusugan, at gamitin lang ito upang matulungan kami. Halimbawa, nakikipagkontrata kami sa isang “Tagapamahala ng Benepisyo ng Parmasya” at binibigyan sila ng impormasyong kailangan nila upang bayaran ang mga claim sa parmasya ng aming mga miyembro.
- **Mga sponsor ng programang insurance sa kalusugan.** Nakikipagkontrata ang mga employer at iba pang organisasyon sa HPSM upang makapagbigay kami ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan at magbayad ng mga claim. Sumasang-ayon sila na panatilihin kumpidensyal at ligtas ang impormasyon sa kalusugan, at gamitin lamang ito upang matulungan kami. Kung mayroon kang sponsor ng plano, maaari naming abisuhan sila kapag nagpatala ka o umalis sa aming plano. Maaari din naming isiwalat ang iyong impormasyon sa kalusugan upang ma-

audit ng sponsor ang pagganap ng HPSM.

- **Mga miyembro ng pamilya o indibidwal na kasali sa iyong pangangalaga o pagbabayad sa iyong pangangalaga.** Maaari naming ilabas ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga miyembro ng pamilya o sa ibang taong nagbabayad para sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Gagawin namin ito kung kinakailangan ito upang magawa nilang magbayad para sa iyong pangangalaga o gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga. Isisiwalat lang namin ang iyong impormasyon sa kalusugan kung naroroon ka at sumang-ayon ka rito, maliban kapag:
  - Pinipigilan ka ng iyong kondisyong medikal na gumawa ng mga desisyon at naniniwala kami na ang pagsisiwalat ng iyong impormasyon ay para sa iyong pinakamabuting kapakanan.
  - Pagkatapos ng iyong pagkamatay (maliban kung sinabi mo muna sa amin na huwag ibahagi ang iyong impormasyon).
- **Mga paaralan.** Maaaring maging legal na kinakailangan sa isang paaralan na magkaroon ng katunayan ng pagbabakuna para sa isang mag-aaral na nagpapatala o nakatala sa paaralan. Sa mga kasong iyon, maaari naming bigyan ang paaralang iyon ng mga rekord ng pagbabakuna ng mag-aaral.

### **Mga Espesyal na Sitwasyon**

Isinisiwalat namin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo:

- **Kapag kinakailangan ng pederal, pang-estado o lokal na batas.**
- **Upang maiwasan ang seryosong banta sa iyong kalusugan at kaligtasan o sa kalusugan at kaligtasan ng iba.** Isisiwalat lang namin ang impormasyon sa isang taong makakatulong na maiwasan ang banta.
- **Kung miyembro ka ng sandatahang lakas o isang beterano** ayon sa kinakailangan ng mga awtoridad ng militar o upang makatulong sa pagtukoy ng iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng beterano.
- **Kung nasa pangangalaga ka ng isang institusyong koreksiyonal** bilang bahagi ng koordinasyon ng iyong pangangalaga.
- **Sa mga programa na nagbibigay ng kabayaran sa mga manggagawa** at iba pang benepisyo para sa mga pinsalang nauugnay sa trabaho o sakit.
- **Para sa mga aktibidad ng pampublikong kalusugan,** tulad ng:
  - Pag-iwas o pagkontrol ng sakit, pinsala o kapansanan
  - Pag-uulat ng pang-aabuso o kapabayaang sa bata.
  - Pag-uulat ng mga pagsilang o pagkamatay.
  - Pag-uulat ng mga reaksiyon sa mga gamot o mga problema sa mga produkto.
  - Pag-aabiso sa iyo tungkol sa mga pagbawi sa mga produktong maaaring ginagamit mo.
  - Pag-aabiso sa iyo kung maaaring nalantad ka sa isang sakit o maaaring nanganganib sa pagkahawa o sa pagkalat ng isang sakit.
  - Pag-aabiso sa naaangkop na awtoridad ng gobyerno kung naniniwala kami na biktima ka ng pang-aabuso, pagpapabaya o karahasan sa tahanan. Isisiwalat lamang namin ito kung sumasang-ayon ka o kapag pinahintulutan ng batas.

- **Para sa mga ahensyang nangangasiwa sa kalusugan** para sa mga aktibidad na pinahintulutan ng batas. Halimbawa, maaaring naming isiwalat ang iyong impormasyon sa kalusugan sa pampublikong ahensya na responsable sa pangangasiwa ng mga operasyon ng HPSM. Mahalaga ang mga aktibidad na ito upang mabigyang-daan ang gobyerno na subaybayan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan at mga programa ng gobyerno sa mga benepisyong pangkalusugan.
- **Para sa mga demanda at pagtatalo** kung inuutos ng isang korte, hukuman, subpoena o iba pang prosesong naaayon sa batas. Ginagawa lamang namin ito pagkatapos ng hindi matagumpay na mga pagsisikap na abisuhan ka tungkol sa kahilingan o kumuha ng utos na pinoprotektahan ang hinihiling na impormasyon.
- **Sa mga opisyal ng pagpapatupad ng batas** sa mga limitadong pangyayari (ibig sabihin, kung hininling ito ng opisyal o para iulat ang gawaing kriminal). Karaniwan, dapat may kaugnayan ito sa pagsisiyasat ng krimen, utos ng korte, warrant o legal na pinahihintulutang aktibidad para sa pambansang seguridad.
- **Upang makatulong sa misyon ng militar** o ibang aktibidad ng gobyerno na may kaugnayan sa intelihensya, o pambansang seguridad o pagprotekta sa Pangulo.
- **Sa mga coroner, mga medikal na tagasuri, at direktor ng punerarya** upang magagawa nila ang kanilang mga tungkulin pagkatapos mamatay ang mga miyembro.
- **Sa mga organisasyon ng pag-transplant ng organ** nagtatrabaho sa pag-transplant ng organ o tisyu para sa mga layunin ng pagpapadali ng isang pag-transplant.
- **50 taon pagkatapos ng pagkamatay.** Maaari naming isiwalat ang impormasyon sa kalusugan ng mga miyembro na namatay na sa alinmang ahensya pagkatapos mamatay ng miyembro sa loob ng hindi bababa sa 50 taon.
- **Para sa mga organisasyon ng pagtulong sa sakuna.** Kung hindi mo gustong ipakita namin ang iyong impormasyon para sa pagtulong sa sakuna, mayroon kang karapatang pigilin ang naturang pagbabahagi.

### Legal na mga limitasyon

Sumusunod kami sa mga batas na maaaring maglimita o pigilan ang mga pagsisiwalat na nakalista sa itaas. Halimbawa:

- May mga espesyal na limitasyon sa pagsisiwalat ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa katayuan ng HIV/AIDS, paggamot sa kalusugan ng isipan, mga kapansanan sa pag-unlad, at paggamot sa pang-aabuso sa droga at alak.
- Hindi maaaring gamitin ang impormasyon tungkol sa lahi, etnisidad, wika, pagkakakilanlan ng kasarian at sekswal na oryentasyon sa pagseseguro, pagtatakda ng rate, pagtanggap ng mga serbisyo, pagtukoy sa coverage at benepisyo.
- Hindi namin maaaring ibenta ang iyong impormasyon.

### Pahintulot

Bukod sa mga sitwasyong inilarawan sa itaas, hindi namin pinapayagan ang paggamit at pagsisiwalat ng iyong impormasyon sa kalusugan nang wala ang iyong nakasulat na permiso o pahintulot. Halimbawa, maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para lamang sa mga layuning pananaliksik kung mayroon kami ng iyong pahintulot. Hindi makakaapekto ang iyong desisyon na bigyan kami ng pahintulot sa iyong medikal na paggamot, mga benepisyo ng planong pangkalusugan, pagbabayard sa paggamot o pagiging karapat-dapat sa pagpapatala. Mayroon kang karapatan na bawiin ang iyong pahintulot kahit napirmahan mo na ang isang pahintulot para sa paggamit o pagsisiwalat ng iyong impormasyon sa kalusugan. Sa kasong iyon, hindi na namin gagamitin o isisiwalat ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa layuning iyon. Gayunpaman, hindi namin maaaring ibalik ang anumang pagsisiwalat na nagawa namin

sa panahong mayroon kaming pahintulot na gawin ito.

## Iyong mga karapatan tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan

Mayroon kang karapatan na:

- **Makakuha ng papel na kopya nitong abiso sa pagkapribado.** Makukuha mo rin ang abisong ito sa aming website sa [www.hpsm.org/privacy-policy.aspx](http://www.hpsm.org/privacy-policy.aspx).
- **Magtalaga ng isang tao para katawanin ka.** Maaari kang magbigay sa isang tao ng medikal na kapangyarihan ng abogado, na nagbibigay-daan sa taong iyon na kumilos sa ngalan mo at gumawa ng mga pagpili tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan. Naaangkop din ang karapatang ito kung mayroon kang legal na tagapag-alaga. Titiyakin namin na sinumang taong magsasabing kinakatawan ka niya ay may kapangyaring ito bago kami gumawa ng anumang aksyon.
- **Humiling ng mga paghihigpit o limitasyon sa paggamit o pagsisiwalat ng iyong impormasyon sa kalusugan.** Sa iyong kahilingan, dapat mong sabihin sa amin:
  - Kung anong impormasyon sa kalusugan ang gusto mong limitahan.
  - Kung gusto mong limitahan namin ang aming paggamit ng impormasyon, pagsisiwalat ng impormasyon, o pareho.
  - Kung kanino mo gustong gamitin ang mga limitasyon.
- **Kontrolin ang impormasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo na tinatanggap mo.** Kasama sa mga sensitibong serbisyo ang pagpapayo sa kalusugan ng pag-iisip, mga serbisyon sa kalusugang reproductibo, mga serbisyo sa sakit na naipapasa sa pakikipagtalik, mga serbisyo sa sekswal na pag-atake at paggamot sa droga. Ang mga taong nasa tamang edad at may kakayahang magbigay ng pahintulot sa mga serbisyong ito ay hindi kailangang humingi ng pahintulot ng sinuman para makuha ang mga ito o magpasa ng claim para sa kanila.
- **Humiling ng kumpidensyal na mga komunikasyon.** May karapatan kang humiling na makipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa mga usaping medikal (kasama ang mga sensitibong serbisyo) nang pribado at may espesyal na pag-aasikaso. Sa gayon, hindi namin ibibigay ang iyong natukoy na impormasyon sa sinuman nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot.
  - Maaari mong hilingin sa amin na magpadala ng mga komunikasyon tungkol sa mga medikal na usapin o mga sensitibong serbisyo sa isa pang address sa koreo, email address o numero ng telepono na pipiliin mo. Kung hindi ka magbigay ng isa pang paraan ng pakikipag-ugnayan, magpapadala kami ng mga komunikasyon sa iyo sa address o numero ng telepono na mayroon kami sa file.
  - Igagalang namin ang iyong mga kahilingan para kumuha ng mga kumpidensyal na komunikasyon sa anyo at format na hiniling mo. O titiyakin naming ang iyong mga komunikasyon ay madaling ilagay sa anyo at format na hiniling mo.
  - Magtatagal ang iyong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon hanggang kanselahin mo ito o magpasa ka ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon.
  - Hindi kami hihingi sa iyo ng dahilan para sa iyong kahilingan. Habang gagawin namin lahat ng pagsisikap na asikasuhin ang mga makatwirang kahilingan, *hindi kailangang sumang-ayon kami sa mga kahilingan*. Kung

sumang-ayon kami, susunod kami maliban kung kinakailangan ang impormasyon para mabigyan ka ng pang-emergency na paggamot.

Para humiling ng kumpidensyal na mga komunikasyon o espesyal na pag-aasikaso sa paraan kung paano ka kinontak, dapat kang magpadala sa koreo ng nakasulat na kahilingan sa Privacy Officer ng HPSM.

- **Isang pagtutuos ng mga pagsisiwalat.** May karapatan kang humiling ng listahan ng mga pagsisiwalat na ginawa namin sa iyong impormasyon sa kalusugan para sa iyong paggamot, pagbabayad para sa iyong pangangalaga at aming mga operasyon. Kasama rin nito ang karamihang iba pang pagsisiwalat na iniutos sa amin o pinahintulatang gawin nang wala ang iyong pahintulot (gaya ng mga ahensya ng gobyerno na nagsusuri ng aming mga programa). Para humiling ng pagtutuos ng mga pagsisiwalat, magpadala sa koreo ng nakasulat na kahilingan sa Privacy Officer ng HPSM. Ang iyong kahilingan ay dapat para sa isang panahong hindi mas mahaba sa tatlong taon bago ang petsa ng iyong kahilingan at maaaring hindi isama ang mga petsa bago ang Abril 14, 2003.
- **lakses ang iyong impormasyon sa kalusugan.** May karapatan kang kumuha ng kopya ng ilang impormasyon sa kalusugan na pinananatili ng HPSM sa mga rekord nito. Sa pangkalahatan, kasama nito ang mga rekord ng kalusugan at mga claim. Para kuhanin ang kopya ng iyong medikal na rekord, makipag-ugnayan sa iyong provider. Para kumuha ng kopya ng impormasyon sa kalusugan na pinananatili namin, magpadala sa koreo ng nakasulat na kahilingan sa Privacy Officer ng HPSM. Maaaring maningil kami ng bayad na makatwiran at batay sa gastos. Pagkatapos, magbibigay kami ng kopya o buod ng iyong mga rekord ng kalusugan at mga claim, karaniwang sa loob ng 30 araw mula sa iyong kahilingan. Kung tinanggihan namin ang iyong kahilingan, sasabihin namin sa iyo sa sulat ang dahilan sa loob ng 60 araw mula sa iyong kahilingan. Pagkatapos, maaari kang humiling na suriin ang pagtanggap ng isang tao bukod sa taong tumanggi sa iyong kahilingan. Susundin namin ang resulta ng pagsusuri.
- **Tumanggap ng abiso ng paglabag.** Ang paglabag ay kapag ang protektadong impormasyon sa kalusugan ay kinuha, ginamit, o isiniwalat sa paraang lumalabag sa nauugnay na mga batas sa pagkapribado. Para maging kwalipikado bilang isang paglabag, dapat hindi ligtas ang impormasyon sa kalusugan (na ang ibig sabihin ay maaakses ito ng iba). Sa loob ng dalawang buwan ng pagkaalam na nilabag ang iyong impormasyon sa kalusugan, kailangan naming magpadala sa iyo ng abiso na nagpapaliwanag:
  - Kung ano ang nangyari.
  - Ang mga uri ng impormasyon na sangkot sa paglabag.
  - Mga hakbang na dapat mong gawin para protektahan ang iyong impormasyon.
  - Ano ang ginagawa ng HPSM para siyasatin ang sitwasyon, bawasan ang pinsala sa iyo at iwasan ang mga paglabag sa hinaharap.
- **Baguhin ang hindi tama o hindi kompletong mga rekord ng kalusugan at mga claim.** May karapatan kang humiling ng pagbabago hangga't pinananatili namin ang impormasyon. Pagkatapos, idaragdag ang nakasulat na puna sa iyong impormasyon sa kalusugan sa HPSM. Para humiling ng pagbabago, magpadala sa koreo ng nakasulat na kahilingan sa Privacy Officer ng HPSM.

**Ipadala sa koreo ang mga nakasulat na kahilingan sa Privacy Officer ng HPSM sa:**

Health Plan of San Mateo  
Attn: Privacy Officer  
801 Gateway Boulevard, Suite 100  
South San Francisco, California 94080

Kung tinanggihan namin ang iyong kahilingan na baguhin ang iyong impormasyon sa kalusugan, aabisuhan ka namin

sa pagsulat na may paliwanag kung bakit tinanggihan ng iyong kahilingan. Hindi iniutos sa amin na baguhin ang impormasyon sa kalusugan na:

- Hindi ginawa ng HPSM (maliban kung hindi na available ang taong gumawa ng impormasyon para gawin ang pagbabago).
- Hindi bahagi ng impormasyong pinananatili namin.
- Hindi bahagi ng impormasyon na papayagan kang kumuha ng kopya nito.
- Tama at kompleto.

Para malaman pa ang tungkol sa iyong mga karapatan sa pagkapribado, bisitahin ang website ng California Department of Health Services sa [www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv/Pages/NoticeofPrivacyPractices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv/Pages/NoticeofPrivacyPractices.aspx).

## Aabisuhan ka tungkol sa mga pagbabago sa abisong ito

Inilalaan namin ang karapatang baguhin ang abisong ito, pagkatapos ay gawin itong may bisa para sa lahat ng impormasyon sa kalusugan na mayroon na kami tungkol sa iyo pati na rin ang anumang matatanggap namin sa hinaharap. Makikita mo ang petsa ng bisa ng abisong ito sa ilalim ng bawat pahina. Aabisuhan ka namin tungkol sa mga pagbabago sa abisong ito sa pamamagitan ng koreo sa loob ng 60 araw ng mga pagbabago. Magpo-post din kami ng kopya ng pinakabagong abiso sa aming website sa [www.hpsm.org/privacy-policy.aspx](http://www.hpsm.org/privacy-policy.aspx).

## Paano magsampa ng karaingan tungkol sa iyong mga karapatan sa pagkapribado

Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari kang magsampa ng karaingan sa HPSM. Hindi ka paparusahan dahil sa pagsasampa ng karaingan. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa U.S. Department of Health and Human Services para magsampa ng reklamo.

<b>Health Plan of San Mateo</b> Attn: Grievance and Appeals Unit 801 Gateway Blvd., Suite 100 South San Francisco, CA 94080 <b>1-888-576-7557 o 650-616-2850</b>	<b>Secretary of the U.S. Department of Health and Human Services</b> Office of Civil Rights Attn: Regional Manager 90 7 <sup>th</sup> St., Suite 4-100 San Francisco, CA 94103 <b>1-800-368-1019 o</b> <b>(TTY) 1-800-537-7697</b>	<b>California Department of Health Care Services</b> Attn: Privacy Officer c/o Office of Legal Services 1501 Capitol Avenue P.O. Box 997413, MS0010 Sacramento, CA 95899-7413 <b>1-916-445-4646 o 1-866-866-0602</b>
--	--	--